



UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalain ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XVIII BILANG 1

ENERO - MARSO 2020

CvSU, dumalo sa anibersaryo ng BPI

Dumalo sina Dr. Lilibeth P. Novicio at Bb. Julita M. Mojica ng Extension Services bilang mga kinatawan ng Cavite State University (CvSU) sa ika-90 anibersaryo ng Bureau of Plant Industry (BPI) sa San Andres, Malate, Manila noong Enero 24.

Ginanap sa loob ng limang araw ang nasabing pagdiriwang na may temang "Kalusugan ng Halaman: Yaman Tungo sa Masaganang Ani at Mataas na Kita". Hinikayat ng panauhing pandangal na si Dr. William D. Dar, kalihim ng Kagawaran ng Agrikultura, ang lahat ng mga nagsidal na pag-ibayuhin ang pangangalaga sa yamang lupa at tubig partikular sa kalusugan ng halaman upang magkaroon ng masaganang ani at mataas na kita.

Bukod sa eksibit at *seminar* sa paghahalaman, inilahad din ang mga ahensya ng gobyerno. Inaasahang pangunahing programa ng BPI kagaya ng isa ang CvSU sa maaaring



Si Sec. Dar habang nakikibahagi sa pagdiriwang

Genetics Improvement, Climate Agriculture, at Mushroom Production bilang bahagi ng pagdiriwang. Nagbibigay ang BPI ng tulong teknikal sa mga magsasaka at mangingisda,

indibidwal o grupo, at sa mga ibang ahensya ng gobyerno. Inaasahang pangunahing programa ng BPI kagaya ng isa ang CvSU sa maaaring

mabigyan ng tulong teknikal partikular sa *mushroom production*. (JMMojica)

CvSU *stingless bee honey*, nagwagi ng ikatlong puwesto sa AAA

Nagwagi ng ikatlong puwesto ang Information and Trade (SPRINT) Cavite State University (CvSU) *stingless bee honey* sa ginanap na kompetisyon na isinagawa sa pagdiriwang ng "International Meliponine Conference and Asian Apicultural Association (AAA) Philippines Symposium on Pollinator Conservation – Stingless Bees: Cinderella No More" mula Pebrero 25 hanggang 28 sa University of the Philippines Los Baños (UPLB), Laguna.

Ang CvSU Bee Program ng College of Arts and Sciences – Department of Biological Sciences (CAS-DBS) kasama ang Sugar Palm Research,



Sina G. Dimero at Gng. Bono habang tinatanggap ang parangal



Mga Nilalaman

Mga guro ng CEIT, bumisita sa CaCaO farm sa Alfonso	2
FITS Amadeo, namahagi ng butong pananim	3
TGP reorientation, isinagawa	3
Tatlong magsasaka sa Cavite, dumaan sa ebalwasyon	4
FITS Imus, myembro ng task force kontra COVID-19	5
Pulong ng ESC, ANHS at UPCAFA, isinagawa	6
Novicio, dumalo sa National Stakeholders' Forum ng DA	6
Pagsasanay sa paggugulayan, ginanap	7
CvSU RELIEF, muling inilunsad para sa mga biktima ng bulking Taal	7
Diloy, tumugon sa pangangailangan ng FITS Bailen	8
Mag-aaral para sa WIP, bumisita sa CvSU-TDF	8

MGA BALITA

Mga guro ng CEIT, bumisita sa CaCaO farm sa Alfonso

Bumisita ang mga guro ng College of Engineering and Information Technology (CEIT) na sina Bb. Poinsettia A. Vida, Engr. Edwin R. Arboleda, Engr. Michael T. Costa, Engr. Efren R. Rocillo, at Gng. Florence M. Banasihan sa taniman ng kakaw ni G. Pepito Vesleno, Magsasaka Syentista (MS) ng FITS Alfonso, noong Marso 4. Kasama nila sina Gng. Lorna C. Matel, Techno Gabay Program (TGP) focal person ng Cavite, at G. Sermelito C. Rolle, Technology Service Specialist (TSS) ng FITS Alfonso. Layunin nito na

makita at makausap si MS Peping upang malaman ang sitwasyon ng produksyon ng kakaw sa kanyang sakahan.

Sa pag-uusap na naganap, napag-alaman ang kanyang mga

pangangailangan tulad ng *fermentation box*, *cacao roaster* at *cacao grinder/mixer*. Plano ng grupo ng mga guro na tulungan si G. Vesleno matapos na idulog sa kanila ang mga nabanggit. (LCMatel)



Ang mga guro ng CEIT habang kausap si G. Pepito Vesleno, MS ng FITS Alfonso sa kakaw

CvSU stingless bee ... mula sa p. 1

sa *Grand Honey Festival, Garden Show and Trade Fair* upang ipakita ang mga produkto at teknolohiya na resulta ng mga proyektong pinondohan ng Department of Agriculture - Bureau of Agricultural Research (DA-BAR). Ipinakita sa eksibit ang CvSU *stingless bee honey*, *formulated soap with propolis*, *pollen*, *propolis extract*, kaong suka, asukal mula sa kaong at kapeng Aguinaldo Blend. Dumalo sa *trade fair* sina Dr. Bettina Joyce P. Ilagan, dekanang CAS, G. Andrew J. Siducon at Gng. Mary Joyce E. Talamante, *extension coordinators* ng CAS, Bb. Sherine M. Cruzate at Gng.

Jamaica Q. Espineli, mga guro ng CAS -DBS, G. John Laurence B. Herrera ng SPRINT at G. Angelo Rodis ng NCRDEC.

Samantala, nagbahagi ng *extension paper* sina Gng. Michele T. Bono at G. Dickson N. Dimero na pinamagatang "*Community Adoption and Strengthening of the CvSU Bee Program (CAS Bee)*" habang inilahad naman nina Bb. Hanna Fae Rotairo, Bb. Sherine M. Cruzate at Bb. Aera Camille Landicho ang pananaliksik na pinamagatang "*Antimicrobial Activity of Formulated Soap and Hand Sanitizer with Stingless Bee (Tetragonula Biroi Fiese) Propolis Extract*".

Sa ginanap na *forum* na dinaluhan ng mga mananaliksik tungkol sa bubuyog, mga gumagawa ng polisiya, mga magsasaka, mag-aaral at tagapangalaga ng bubuyog mula sa iba't ibang panig ng mundo, tinalakay nila ang mga paksa na kaugnay ng polinasyon ng bubuyog at nagbahagi ng kanilang mga kagawian at karanasan sa pangangalaga ng bubuyog, partikular na ang *stingless bees*. Tinalakay din ang *bee biology and management*, *pollinator conservation*, *apitherapy* at *applied beekeeping*. Nagkaroon din ng *workshop* tungkol sa *stingless bee management* sa isang bukid na nakatuon sa *natural farming*. (DNDimero)



Pagpapaliwanag ng mga produkto sa mga dumalaw sa trade fair



Mga kinatawan ng CvSU na dumalo sa trade fair

MGA BALITANG TGP

FITS Amadeo, namahagi ng butong pananim

Sa gitna ng krisis na dulot ng COVID-19, namahagi ang Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Amadeo ng tinatayang 60 kilo ng butong pananim tulad ng ampalaya, sitaw, okra, kamatis at kalabasa sa isang libong mamamayan ng nabanggit na bayan para sa kanilang mga bukid. Isinakatuparan ang nasabing gawain sa pakikipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan ng Amadeo na pinamumunuan ni Hon. Mayor Redel John B. Dionisio.

Nagmula sa pondo ng LGU-Amadeo ang ibinili ng mga pananim samantalang ang iba ay nagbuhat sa Office of Provincial Agriculture (OPA) Cavite, Agricultural Program Coordinating Office (APCO) at Department of Agriculture (DA) Rehiyon IV-A.

Bukod sa pamimigay ng butong pananim, patuloy din sila sa pagmomonitor sa presyo ng mga pangunahing bilihin sa mga palengke at tindahan sa kanilang lugar upang maiwasan ang pagtaas nito.

Ang FITS Amadeo ay pinamamahalaan ni Gng. Lucinda Amparo, FITS Manager / Municipal Agriculture Officer (FM/MAO), kasama sina Gng. Celsa Honrada, Technology Service Specialist (TSS) at Gng. Aina Madlansacay, Information Service Specialist (ISS).

Higit na pinaigting ang nasabing gawain na sinimulan noong Enero upang makatulong sa 37,649 na mamamayan ng nasabing bayan lalo na ngayong panahon ng pandemya. (AMadlansacay/LCMatel)



Si Gng. Amparo habang kausap ang ilan sa mga magsasaka



Si Gng. Honrada habang namimigay ng mga butong pananim

TGP reorientation, isinagawa

Dahil karamihan sa mga tauhan ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center sa Cavite ay nagretiro na at mga bagong empleyado na ang nakatalaga, nagsagawa ng re-oryentasyon ng Techno Gabay Program (TGP) noong Pebrero 11 si Gng. Lorna C. Matel, TGP focal person sa Cavite. Layunin nito na maipabatid sa bagong mga FITS Manager (FM), Information Service Specialist (ISS) at Technology Service



Si Gng. Matel habang tinatalakay ang Techno Gabay Program sa mga FITS manager, TSS at ISS

Naic, Mendez, Bacoor, Magallanes, Indang, Alfonso, Gen. Aguinaldo (Bailen), Gen. Mariano Alvarez at General Trias City.

Tinalakay ni Gng. Matel ang apat na bahagi ng TGP: FITS Center, Magsasaka Syentista (Farmers Scientist Bureau), Information, Education and Communication (IEC) materials, at Information, Communication and Technology (ICT).

Samantala, matapos ang oryentasyon ay ginanap din ang unang kwarter na pulong at inilahad nila ang mga plano ng bawat sentro para sa taong 2020 kasama na ang mga pagsasanay na kanilang kailangan para sa maayos na pagpapalakad ng mga FITS. (LCMatel)



Ang mga dumalo sa re-oryentasyon

Specialist (TSS) ang mga nakapaloob sa programa.

Dumalo dito ang 30 tauhan ng mga FITS Center ng Office of the Provincial Agriculturist (OPA)-Cavite, Imus, Maragondon, Tanza, Dasmariñas, Amadeo,

MGA BALITANG TGP

Tatlong magsasaka sa Cavite, dumaan sa ebalwasyon

Isinagawa ang ebalwasyon ng tatlong magsasaka sa Cavite noong Marso 4-5 sa pangunguna ni Gng. Janine L. Cailo, Information Officer II ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) IV-A kasama sina Gng. Lorna C. Matel, Techno Gabay Program (TGP) *focal person* ng Cavite, Bb. Editha B. Paglinawan, *manager* ng FITS Office of Provincial Agriculture (OPA) Cavite, at Gng. Soledad E. Leal ng DA-ATI. Ang ginawang ebalwasyon ay tugon sa hiling ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Tanza, Mendez at Alfonso na maragdagan ang kanilang mga Magsasaka Siyentista (MS).

Unang binisita si G. Mario Profeta ng Brgy. Tres Cruces, Tanza, Cavite na inirekomenda ni Gng. Rosalina Mojica, *manager* ng FITS Tanza. Sa kasalukuyan, *natural farming* ang ginagawa niya sa kanyang sakahan at gumagamit ng iba't ibang *concoctions*, *composting* at Good Agricultural Practices (GAP). Matatagpuan sa kanyang bukid ang mga gulay na kalabasa, ampalaya, sitaw at kamatis, at mga puno ng duhat, papaya, kaymito, santol at saging. Sa kanya kumukuha ang Dizon's Farm ng wansoy, *onion leeks*, at pipino. May sukat na anim na

ektarya ang kanyang sinasaka. Si G. Profeta ay nagsisilbing bise presidente ng Tres Cruces Agrarian Reform Beneficiaries and Farmers Association at *chairperson* din ng Municipal Agriculture & Fishery Council (MAFC). May walong pamilya na nakatira sa kanyang bukid na nagsisilbing katulong niya sa pagsasaka.

Si G. Sixto Arandia naman ay inirekomenda ni Bb. Rheena Rozul, *manager* ng FITS Mendez. Si G. Arandia ay retiradong *City Agriculturist* ng Imus City. Siya ay nagsisilbing konsultant para sa agrikultura ng nasabing bayan at isa sa Board of Directors ng Mendez Farmers Association. Ipinakita niya ang teknolohiya ng *composting* na matatagpuan sa Mendez Material Recovery Facilities (MRF), ang tinukoy na *demo farm* ng agrikultura ng bayan.

Samantala, si G. Arnold Rogador mula sa Kaysuyo, Alfonso, Cavite ang inirekomenda ni Gng. Eugenia Mojica, *manager* ng FITS Alfonso, na may 700 metro kwadrang sakahan. Isang kakaibang teknolohiyang tinatawag na *vegetable grafting technology* ang isinasagawa niya sa kamatis at talong (kamlong), at ampalaya at patola sa iisang puno. Dahil dito, siya ay nabigyan ng pagkilala ng Bureau of Plant Industry (BPI) Los Baños at



Ang MRF facility sa bayan ng Mendez, Cavite



Si G. Arandia habang kinakapanayam ng mga evaluators

puhunan upang maipagawa ang gusali sa kanyang lugar. Sa kasalukuyan, apat na paaralan sa proyektong Gulayan sa Paaralan ang kanyang tinutulungan sa pamamagitan ng pamimigay ng butong pantanim.

Ang resulta ng ebalwasyon ay pag-uusapan sa pamamagitan ng *desk evaluation* ng TGP Regional Technical Working Group (RTWG) Committee sa Hulyo 2020. Sa kasalukuyan ay may 18 MS sa Cavite. (LCMatel)



Ang grupo ng evaluators kasama ang mga staff ng FITS Tanza sa taniman ni G. Profeta



Si G. Rogador kasama ang mga evaluators sa kanyang taniman sa Kaysuyo, Alfonso

MGA BALITANG TGP

FITS IMUS, myembro ng task force kontra COVID-19

Itinalagang myembro ng Task Force Novel Corona Virus (NCOV) sa Lungsod ng Imus ang City Agriculture Services Office o Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center.

Sa pulong ng komite, nagbigay ng suhestiyon si Kgg. Emmanuel L. Maliksi, alkalde ng Imus, para sa pagtulong sa mga mamamayan na maaapektuhan ng nasabing *virus*. Naatasan ang FITS Imus na maghanap ng mga gulay na isasama sa ipamimigay na *food packs*.

Ayon kay G. Roberto R. Marges, City Agriculturist / FITS manager, layunin ng gawain na makatulong sa mga mamamayan na makakain ng masustansyang pagkain kasabay na rin ang pagtulong sa mga magsasaka na makapagbenta ng kanilang pananim na gulay sa murang halaga sa

pakikipagtulungan din ng Sentrong Pamilihan.

Samantala, ang kabubuang dami ng naibahaging gulay ay ang mga sumusunod (kilo): ampalaya - 490; upo - 905; kalabasa - 500; kamote - 500; kamatis - 903; sitaw - 110; okra - 160; papaya - 100; talong- 126 at patola-485.

Kasama ang mga kinatawan mula sa Local Economic and Investment Promotion Office (LEIPO) at BPLO, nagsagawa rin ang sentro ng *monitoring* ng mga presyo ng produkto sa mga pamilihing talipapa at iba't ibang palengke upang maiwasan ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin.

Kasunod nito ay namahagi sila ng higit sa 44 na ID at sertipikasyon sa mga magsasaka ng Lungsod ng Imus bilang pagtugon sa Memorandum

Circular No. 7 at No. 9 na nilagdaan ni Sec. William D. Dar ng Department of Agriculture (DA) na nagsasaad ng "*Community Quarantine Over the Entire Luzon & Further Guidelines for Management of Corona Virus 19 (COVID 19) Situation*" na nagbibigay-linaw sa halaga ng pagpapatuloy ng gawain ng pagsasaka at pangingisda sa kabila ng pina-iiral na *Extreme Enhance Community Quarantine* (EECQ) sa nasabing lungsod.

Sa kabila ng banta ng sakit, patuloy ang paglilingkod ng FITS Imus sa pamumuno nina G. Marges, FITS manager; Gng. Prescilda D. Igtiben, ISS; G. Dan Kevin P. Mojica, TSS; Engr. Isagani B. Dimaranan, TSS; gayundin nina Christopher L. Sayurin; Sernan S. Lozada at Roy Araujaro. (PD Igtiben/ LCMatel)



(Kaliwa) Kgg. Emmanuel L. Maliksi (nakasuot ng puti) at mga miyembro ng Task Force Novel Coronavirus (NCOV) habang nagpupulong, (gitna) Si G. Marges habang pinangangasiwaan ang delivery ng gulay mula sa mga magsasaka, at (kanan) si Gng. Igtiben kasama ang isang magsasaka ng Imus habang tinatalakay ang volume ng gulay na kailangan



G. Victorino Magnaye (kaliwa) at G. Serapio Ilas (kanan) mga magsasaka mula sa Malagasang at Anabu na nakapagbenta ng kanilang aning gulay

(Kaliwa) Si G. Marges habang nag-iinterview ng presyo ng prutas at nagmomonitor ng presyo ng gulay, at (kanan) si Gng Igtiben habang namimigay ng ID at sertipikasyon sa isang magsasaka

MGA BALITA

Pulong ng ESC, ANHS at UPCAFA, isinagawa

Isang pulong ang isinagawa sa pagitan ng Cavite State University Extension Services (CvSU-ES), Amadeo National High School (ANHS), at Upland Cavite Farmers of Amadeo (UPCAFA) noong Pebrero 26 sa Amadeo, Cavite. Dumalo sa pulong sina Dr. Lilibeth P. Novicio, G. Rodrigo H. Diloy at Gng. Bernadette S. Amparo ng CvSU; G. Jerico V. Cortez, G. Alejandro Espineli at Gng. Rosemarie V. Roberto ng ANHS; at G. Louie dela Cruz ng UPCAFA. Layunin ng pulong ang pag-usapan ang proyektong “Pagsasanay sa Produksyon ng Gulay.”

Inilahad ni G. Diloy ang kanyang ginawang *proposed planting lay-out* at kalendaryo ng mga gagawin sa pagtatanim



Pagtalakay sa MOU

ng mga gulay sa tatlong napiling lugar na matatagpuan mismo sa loob ng nasabing paaralan. Napag-usapan din ang binubuong *Memorandum of Understanding* (MOU) para sa nasabing proyekto. Iminungkahi rin na maisama ang Agriculture Office ng Amadeo sa nabanggit na MOU dahil sa palagiang suporta ng opisina sa mga programa ng paaralan sa pamamagitan ng mga agrikultural na suplay at serbisyong teknikal.

Naging bahagi ng usapan ang problema sa preparasyon ng lupang taniman dahil sa mga sumusunod: lawak ng lupang tataniman,



Paglalahad sa plano ng pagtatanim

kakaunting bilang ng mga estudyante na kasama sa programa, at kakaunting oras na inilalaan para sa nasabing gawain. Dahil dito, iminungkahi ni Gng. Roberto ang pagsangguni at paghingi ng tulong sa kapitan ng barangay na nakakasakop sa paaralan. Para naman kay G. dela Cruz, ang posibilidad na tumanggap ng isang *farm labor* ay malaki ang maitutulong habang iminungkahi naman ni Gng. Amparo na ang mga magulang ng mga bata na kasama sa programa ang maaaring makatulong sa preparasyon ng nasabing lupang taniman. (BSAmparo)

Novicio, dumalo sa *National Stakeholders' Forum* ng DA

Dumalo si Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng Extension Services (CvSU-ES), sa “Banner Programs Extension Roadmapping: National Stakeholders' Forum” ng Department of Agriculture (DA) noong Pebrero 3 na ginanap sa Axia Hotel, Quezon City.

Tinalakay sa *forum* ang mga programa sa *high value crops*, mais (corn), bigas (rice) at mga hayop (livestock). Nagpalitan ng ideya ang mga tagapagsanay at mga kalahok sa pamamagitan ng worksyap. Naging gabay sa pagsasanay ang *Agriculture and Fisheries Extension Strategic Plan* na inilahad ni Dr. Evelyn Aro Esquejo, *training consultant* at dating direktor ng DA-ATI.

Naging kapaki-pakinabang ang ginawang pagsasanay dahil nabigyang-diin ang mga gawaing kailangang ipagpatuloy at mas patatagin, makahanap

ng natatangi at makabagong gawain na maaaring makatugon sa mga pangangailangang pang-agrikultura, naibahagi ang mga natatanging potensyal, kaalaman at kakayahan sa pagsasakatuparan ng mga programa; at maging ang mga pangangailangang teknikal at pamamahala sa mga nasabing programa. (RAAstudillo)



Mga kalahok sa forum

MGA BALITA

Pagsasanay sa paggugulayan, ginanap

Ginanap ang pagsasanay tungkol sa paggugulayan sa National High School ng Amadeo, Cavite noong Pebrero 13. Ito ay dinaluhan ng 25 mag-aaral mula sa Grade 9 hanggang Grade 12 ng paaralan. Ang nasabing pagsasanay ay isa sa mga gawain ng proyektong “Gulayan sa Paaralan” na kaugnay sa programang Brigada Eskwela na isinasagawa sa lahat ng paaralan na nasasakupan ng Department of Education (DepEd).

Pinangunahan ni G. Rodrigo H. Diloy, *Program Specialist II* ng Cavite



Si G. Diloy habang nagbabahagi ng kanyang kaalaman sa paggugulayan

State University - Extension Services (CvSU-ES), ang pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa paggugulayan. Nagsagawa rin siya ng aktwal na demonstrasyon at pagtuturo ng tamang paraan ng *paglay-out* sa lupang pagtataniman ng gulay. Naging aktibo ang mga mag-aaral hindi lamang sa pakikinig



Ang mga mag-aaral habang inihahanda ang pagtataniman ng mga gulay

sa talakayan kundi maging sa aktwal na pagsasanay. Tatlong bahagi ng paaralan kung saan ilalagay ang paggugulayan ang matagumpay na nagawan ng *lay-out*.

Bukod kay G. Diloy, naging katuwang rin sa nasabing

pagsasanay ang prinsipal ng paaralan na si Gng. Rufina V. Cortez, mga guro na sina Gng. Rosemarie Roberto, G. Jericho Cortez at G. Alejandro Espineli, gayundin sina Gng. Bernadette S. Amparo, *in-charge* ng Training and Courseware Development Division at Paula Gie C. Ducusin, *training staff* ng CvSU-ES. Naging matagumpay ang nasabing Gawain kung kaya't inaasahan ng pamunuan, mga guro at mag-aaral ng ANHS at CvSU-ES ang patuloy na pagtutulongan sa hinaharap. (PGCDucusin)



Ang mga nagtapos sa pagsasanay kasama ang opisyal ng mga ahensya kaugnay sa programang Gulayan sa Paaralan

CvSU RELIEF, muling inilunsad para sa mga biktima ng bulkang Taal

Upang matulungan ang mga naapektuhan ng pagsabog ng bulkang Taal, muling inilunsad ng Unibersidad ang iba't ibang programa sa ilalim ng “RELIEF: Research and Extension Life-Changing Initiatives for the Empowerment of Filipinos”.

Katuwang ang iba't ibang ahensya, lokal na grupo at mga pribadong indibidwal, inihatid ang mga donasyon sa mga *evacuation center* sa Cavite.

Sa pamamagitan ng Proyektong INAH: Iba Na Ang Handa sa pangunguna ng College of Criminal Justice, mabilis na naihatid ang mga unang donasyon. Samantala, nagsagawa naman ang College of Arts and Sciences ng *Psychological First Aid Training* para sa mga nais magbigay ng suportang

sikolohikal sa mga bakwit.

Isang halimbawa ang *art therapy sessions* sa *Child-Friendly Spaces* na pinangunahan ng mga mag-aaral at guro mula sa Department of Social Sciences and Humanities. Nagpaabot din ng *school kits* sa mga batang *evacuee* upang makatulong sa kanilang pagbabalik sa paaralan.

Nakiisa rin ang College of Veterinary Medicine and Biomedical Sciences sa isang *inter-agency mission* kasama ang *provincial vet*, Cavite Veterinary Medical Association at iba pang grupo para sa pagsagip sa mga naapektuhang hayop. Itinakda ring *charging station* ang Administration Building upang matulungan ang mga

residente ng Indang na nawalan ng kuryente.

Sa pagbabalik ng mga residente sa kanilang mga tahanan, pinaplano naman ng Unibersidad na tulungan silang itaguyod ang kanilang mga kabuhayan. (LAAOrsa)



Mga tauhan ng Extension Services habang nag-aayos ng relief goods

MGA BALITA

Diloy, tumugon sa pangangailangan ng FITS Bailen

Mabilis na tinugon ni G. Rodrigo H. Diloy, *in-charge* ng Technology Demonstration Farm (TDF) ng Cavite State University Extension Services (CvSU-ES), ang pangangailangan ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center sa Gen. Aguinaldo (Bailen) noong Pebrero 3.

Binisita ni G. Diloy ang apat na taniman ng kape sa Bailen na pag-aari nina G. Patricio Garay, G. Marcelo Hernandez, G. Joey Dalusag at G. Panfilo Bencito, pangulo ng Samahan ng mga Magsasaka at pagkakapehan sa Cavite. Ayon sa ginawang ebalwasyon, tatlo sa mga taniman ang may tanim na tunay na *liberica* o kapeng barako.

Bukod sa pagbisita sa mga



Si G. Diloy habang tinatalakay ang katangian ng bawat uri ng puno at bunga ng kape sa mga magsasaka at opisyal ng FITS Bailen

taniman, tinalakay din ni G. Diloy sa mga magkakape ng Bailen ang mga paraan ng pagkilala sa uri ng puno at bunga ng kape (kung ito ay *liberica*, *excelsa*, *robusta* o *arabica*), rehabilitasyon at pagpapabata ng puno ng kape, pagpapanatili ng magandang pamumunga, at pamamaraan upang maiwasan at mapuksa ang mga peste. Kasama sa ginawang pagbisita ang Technology Service Specialist (TSS) ng FITS Bailen na si G. Demetrio B. Quibael.

Ang nasabing pagbisita ay bilang tugon sa liham na natanggap ng opisina ng Extension Services mula kay Gng. Andrea Q. Dimapilis, Municipal Agriculturist at Manager ng FITS Bailen, na naglalayong maunawaan ang paraan ng pagkilala at pag-aalaga sa iba't ibang uri ng kape sa Bailen. (PGDucusin)

Mag-aaral para sa WIP, bumisita sa CvSU-TDF

Bumisita sa Cavite State University Technology Demonstration Farm (CvSU-TDF) ang 11 mag-aaral sa Senior High School ng Indang Christian Academy (ICA) at Trece Martires City National High School (TMCNHS) noong Pebrero 10 bilang bahagi ng kanilang Working Immersion Program (WIP). Ang oryentasyon ay pinangunahan nina Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng Extension Services at G. Rodrigo H. Diloy, head ng TDF.

Matapos sagutin ang mga tanong

nga mga estudyante hinggil sa iba't ibang gawaing pang-ekstensyon ng unibersidad, inilibot sila sa TDF upang ipakita ang iba't ibang teknolohiya ng *urban gardening* na isinasagawa sa pangunguna ni G. Diloy, kasama na ang pag-alaga ng isda at produksyon ng *dragon fruit*.

Bagamat pagod sa pag-iikot sa TDF, naging makabuluhan ang pagbisita ng mga estudyante na umuwing baon ang kaalamang magagamit para sa susunod pa nilang pag-aaral. (RAAstudillo)



(Kaliwa) Si Dr. Novicio habang ipinapaliwanag ang mga gawaing pang-ekstensyon ng CvSU (Kanan) Si G. Diloy kasama ang mga mag-aaral ng ICA at TMCNHS sa CvSU-TDF

UGNAYAN

Tagapamahalang Patnugot

Lady Aileen A. Orsal

Katulong na Patnugot

Melinda B. Eugenio

Mga Kontribyutor

Lorna C. Matel
Razelle A. Astudillo
Paula Gie C. Ducusin
Dickson N. Dimero
Bernadette S. Amparo
Julita M. Mojica
Lady Aileen A. Orsal

Mga Editoryal Konsultant

Dr. Ma. Fatima I. Cruzada
Dr. Ruel M. Mojica

Opisinang Pang- editoryal

Knowledge Management Center

5th Flr. Ladislao Diwa Library and Museum Bldg.
Cavite State University
Indang, Cavite
Telepono ☎ (046) 4150212